VIBAL MIBF 2016 TITLES

1. **May Gulong na Bahay**
   Kuwento ni Genaro R. Gojo Cruz
   Guhit ni Paul Imbong

   Kakaiba ang bahay ng isang mag-ama sa Binondo. Dala-dala nila ito sa kahit saan sila magpunta. Isang araw, laking gulat na lang nila nang hindi nila mahanap ang may gulong nilang bahay sa kanilang pinag-iwanan.

   Samahan sila sa kanilang paghahanap at pagsusumikap na muling makuha ang kanilang mahal na tirahan.

2. **Si Julie Gandionco at ang Kaniyang Panaderya**
   Kuwento ni Genaro R. Gojo Cruz
   Guhit ni Tinsley Garanchon

   Simula pagkabata ay nakagisnan na ni Julie ang paghahanap ng pagkakakitaan. Mula sa pagiging katuwang ng kaniyang ina, sumubok siya ng iba't ibang negosyo para mabigyan ng maginhawang buhay ang kaniyang pamilya. At hindi siya tumigil sa pagsisikap upang mahanap at mapalago ang negosyong tutupad sa kaniyang mga pangarap.

3. **Alpabeto sa Bayong**
   Kuwento ni Genaro R. Gojo Cruz
   Guhit ni Katherine Garcia-Flores

   Umalis na Nanay patungong palengke. Hindi na ako makapaghintay sa kaniyang pagbalik! Paniguradong punong-puno na naman ang kaniyang bayong na malaki. Ano kaya ang kaniyang mga pinamili?

4. **Bilangan sa Karagatan**
   Kuwento ni Raissa Claire Falgui
   Guhit ni Jeca Martinez

   Samahan ang dalawang magkaibigan sa paglalakbay sa ilalim ng karagatan, at matutong bumilang kasama ang mga lamang dagat na kanilang nakasalamuha.

5. **Tunogzzz**
   Kuwento ni Ma. Plaza M. Policarpio
   Guhit ni Mary Rosebelle Harlan

   Tila iba’t ibang tunog ang gumising kay Asyong mula sa mahimbing niyang pagkakatulog. Nakapagtatakang sa loob lamang ng kuwarto nanggagaling ang mga ito. Kaya nama'y sinundan ni Asyong ang halo-halong ingay na sa kaniya ay gumising. Saan kaya nagmumula ang mga ito?